**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Traditional or electronic instructional materials: A study on positive learning

**Calvin C. Bantilan**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: calvinbantilan3@gmail.com

**Roxan E. Loquis**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: loquisroxan@gmail.com

**Lovelane N. Ursal***
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: lovelaneursal4103@gmail.com

**Himeji-Ken V. Dela Peña**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: himejiken.delapena@ctu.edu.ph

ABSTRACT

This study focuses on comparing the effectiveness of traditional and electronic instructional materials in promoting positive learning among tertiary students. The purpose of the research is to determine which of the two approaches is more effective in teaching and enhancing student learning. The researchers employed a quasi-experimental design and utilized random sampling to select thirty (30) students enrolled in the Bachelor of Secondary Education major in Filipino Day Class, from first-, second-, and third-year levels at Cebu Technological University – Consolacion Campus during the academic year 2025–2026. A Likert scale was used as the data-gathering instrument, and the collected data were analyzed through group statistics and independent sample t-test to interpret and understand the findings. Results show that electronic instructional materials are more effective compared to traditional materials. The use of electronic tools such as laptops, cellphones, and multimedia presentations was proven to significantly increase student interest and

*Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404608

Recommended citation:
Bantilan, C. C., Loquis, R. E., Ursal, L. N., & Dela Peña, H.-K. V. (2025). Traditional or electronic instructional materials: A study on positive learning. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 6600-6619. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404608

participation. Meanwhile, traditional instructional materials remain beneficial in supporting student learning. Based on the findings, several conclusions were drawn: First, modern electronic instructional tools—particularly PowerPoint, cellphones, laptops, projectors, and others—are more frequently used. Second, although the use of electronic tools is notably high, traditional materials should not be disregarded, as both are still utilized in the teaching–learning process. Lastly, since modern tools are increasingly used in teaching various subjects, teachers should further develop their competence in using these technologies to ensure proper, confident, and effective implementation for the benefit of learners.

Keywords: traditional materials, electronic materials, positive learning, instructional tools

Date Submitted: November 17, 2025
Date Accepted: November 28, 2025
Date Published: November 30, 2025

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Tradisyunal o elektronikong kagamitang pampagtuturo: Isang pag-aaral sa positibong pagkatuto

**Calvin C. Bantilan**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: calvinbantilan3@gmail.com

**Roxan E. Loquis**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: loquisroxan@gmail.com

**Lovelane N. Ursal**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: lovelaneursal4103@gmail.com

**Himeji-Ken V. Dela Peña**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: himejiken.delapena@ctu.edu.ph

ABSTRAK

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa paghahambing ng bisa ng tradisyunal at elektronikong kagamitang pampagtuturo sa positibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa antas tersyarya. Layunin ng pananaliksik na matukoy kung alin sa dalawang pamamaraan ang mas epektibo sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ginamit ng mga mananaliksik ang Quasi- Experimental na disenyo at Random Sampling upang piliin ang tatlumpung (30) mag-aaral mula sa kolehiyo na kumukuha ng kursong Batsilyer ng sekondaryang edukasyon sa FilipinoDay class na nasa una, ikalawa at ikatlong taon sa Cebu Technological University – Consolacion Campus, taong panuruan 2025-2026. Gumamit din ng Likert scale bilang instrumento sa pangangalap ng datos at sinuri ito sa pamamagitan ng group statistics at independent sample t-test upang masuri at ma-interpret ang mga nakalap na datos. Ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na ang Elektronikong kagamitang pampagtuturo ay mas mabisa kumpara sa Tradisyunal na kagamitan. Ang paggamit ng mga Elektronikong kagamitan gaya ng laptop, cellphone, at multimedia presentatons ay nagpatunay na mas nakapagpapataas ng interes at partisipasyon ng mga mag-aaral. Samantala, nananatiling kapaki-pakinabang ang Tradisyunal na kagamitan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, nakuha ang mga sumusunod na konklusyon: Una, mas ginagamit ang makabagong elektronikong kagamitang pampagtuturo partikular na sa mga kagamitang

powerpoint, cellphone, laptop, projector at iba pa. Pangalawa, lumabas man sa resulta na mataas ang antas ng paggamit sa makabagong elektronikong kagamitang pampagtuturo, hindi rin dapat kalimutang gamitin ang Tradisyunal na kagamitang pampagtuturo dahil ayon sa resulta ay pareho pa rin silang ginagamit. Panghuli, kung makababago ang mas ginagamit sa pagtuturo ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura ay dapat mapalawig pa ang kaalaman ng guro sa paggamit ng teknolohiyang nabanggit upang magamit ito ng wasto na walang pag-aalinlangan para sa mga mag-aaral na tuturuan.

Mga susing salita: tradisyunal kagamitan, elektronikong kagamitan, positibong pagkatuto, kagamitang pampagtuturo

## PANIMULA

Sa mabilis na pag-unlad ng makabagong teknolohiya, nagbago rin ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto sa klase. Kung dati ay gumagamit ng tradiyunal na pamamaraan gaya ng manila paper, pisara, at mga aklat na maaaring makatutulong sa pagkatuto ng isang magaaral. Subalit, sa paglipas ng panahon, mas lumawak ang mga paraan ng pagkatuto sa tulong ng mga elektronikong kagamitang pampagtuturo tulad ng laptop, tablet, projector, at iba'tibang digital na kagamitan. Ang pagbabago na ito ay nagbubukas ng maraming oportunidad sa paraan ng pagkatuto, ng mga mag-aaral. Makikita na ang edukasyon ay unti-unting lumalayo sa tradisyunal na paraan at papunta sa makabagong sistema gamit ang teknolohiya. Mas natututo at naeengganyo ang mga mag-aaral sa tulong ng mga larawan, video, animation, at iba pang digital tools tulad ng online quizzes at educational games. Dahil dito, nagiging mas masaya at mas interaktibo ang klase, at natutulungan ang mga mag-aaral na madagdagan hindi lang ang kaalaman kundi pati ang kanilang kasanayan sa teknolohiya. Natutugunan din ng teknolohiya ang iba't ibang paraan ng pagkatuto tulad ng visual, auditory, at kinesthetic learner kaya mas nababagay ito sa lahat ng mga mag-aaral. Kaya ang teknolohiya ay malaking tulong sa edukasyon, ngunit ang guro at mag-aaral pa rin ang pinakamahalaga sa pagtuturo.

Ayon kina Yakubov at Dautmerzaeva (2020), nananatiling mahalaga ang tradisyunal na kagamitang pampagtuturo gaya ng aklat, pisara, at iba pang pisikal na pantulong sa pag-aaral. Malaki ang tulong nito lalo na sa mga batang mag-aaral, sapagkat nakapagbibigay ito ng malinaw na estruktura at nakatutulong sa mas ligtas at balanseng pagkatuto kumpara sa sobrang paggamit ng makabagong teknolohiya. Ang pisara ay nagsisilbing gabay kung saan nakikita nila ang hakbang-hakbang na paliwanag ng guro. Ang aklat naman ay nagbibigay ng tiyak na sanggunian na maaari nilang dalhin sulatan, at balik-balikan anumang oras. Dahil dito mas nagiging malinaw at organisado ang proseso ng pagkatuto. Nakakatulong ito upang mas maayos ang takbo ng aralin at mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral at natututo silang magpokus na hindi laging nakaasa sa teknolohiya. Mas nakakaiwas din ito sa mga problema dulot ng sobrang paggamit ng teknolohiya. Ipinapakita nito na ang tradisyunal na gamit ay may malaking papel pa rin sa pag-aaral. Kaya't kahit makabago na ang panahon, kailangan pa rin ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Pinapakita ng pag-aaral na ang mga tradisyunal na kagamitan ay patuloy na nagsisilbing pundasyon ng epektibong pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon kay Aninapon (2022), ang paggamit ng elektronikong kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong upang mas mapabuti ang kalidad ng edukasyon. Ayon sa kanya, ang elektronikong kagamitang pampagkatuturo ay hindi lamang mga simpleng kagamitan sa pagtuturo kundi isa nang mahalagang bahagi ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa makabagong panahon.

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

Nakakatulong din ang paggamit ng tradisyunal na kagamitang pamgpagtuturo ngunit di hamak na mas epektibo ang paggamit sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo. Bukod dito, mas naaangkop ang paggamit ng teknolohiya sa panahon ngayon, lalo na't ang mga mag-aaral ay babad sa paggamit ng mga gadget at internet. Sa paggamit ng elektronikong kagamitan, mas nakakakonekta sila sa mga aralin at mas nagkakaroon sila ng interes na makinig, magtanong, at makibahagi sa talakayan. Binanggit din ni Aninapon na mahalaga rin na marunong gumamit ng teknolohiya ang mga guro. Hindi sapat para sa mga guro ang gumamit lamang ng tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo, bagkos, kailangan nilang makisabay sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo. Kung alam nila kung paano ito gamitin nang maayos, mas magiging epektibo ang pagtuturo. Hindi sapat na may kagamitan sa loob ng silid-aralan dapat ay alam ng guro kung kailan at paano ito gagamitin nang naaayon sa leksyon.

Ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ay mahalaga sapagkat nagbibigay ito ng direktang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, na nakatutulong sa mas personal na ugnayan at agarang pagwawasto ng pagkakamali. Sa kabilang banda, ang elektronikong kagamitang pampagtuturo ay nagpapadali ng akses sa malawak na impormasyon at nakatutugon sa iba't ibang estilo ng pagkatuto. Nagbibigay ito ng mas interaktibong karanasan at mas flexible na paraan ng pag-aaral, lalo na sa mga sitwasyong hindi posible ang harapang klase. Bagama't magkaiba ang kanilang anyo, kapwa sila mahalaga sa epektibong pagtuturo at pagkatuto. Ang pagsasama ng dalawang pamamaraang ito ay maaaring maghatid ng mas balanseng edukasyon. Sa huli, ang pagpili ng angkop na pamamaraan ay nakadepende sa konteksto, layunin, at pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa panahon ng makabagong teknolohiya, mas pinaigting ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto sa mga paaralan. Sa kasalukuyan, parehong ang guro at mag-aaral ay nakararanas ng paggamit mga elektronikong kagamitang pampagtuturo gaya ng laptop, telebisyon, projector, at iba pa. Makikita sa maraming paaralan ang malinaw na integrasyon ng teknolohiya sa kanilang mga klase, kung saan ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ay mas pinahusay at pinagyayaman ng mga modernong teknolohiya upang higit na mapabuti ang kalidad ng edukasyon lalong lalo na sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, napapalawak hindi lamang ang kaalaman ng mga mag-aaral kundi maging ang kanilang kasanayan sa paggamit ng teknolohiya na mahalagang kasanayan sa makabagong panahon. Ngunit hindi pa rin maikakaila na mayroon pa rin mga guro at mag-aaral ang patuloy na gumagamit ng tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Bagamat unti- unting nang umuunlad ang teknolohiya at napapalitan na ng makabagong paraan ang mga lumang estilo ng pagkatuto, nananatiling mahalaga para sa iilan ang mga tradisyunal na estratehiya. Para sa kanila, mas epektibo ang pisikal na interaksyon sa mga mag-aaral upang masiguradong nauunawaan ang aralin at nagkakaroon ng malalim na pagkatuto. Naniniwala rin ang ilan na ang personal na ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral ay mass madaling nagagawa ang tradisyunal na pagtuturo, na siyang nakatutulong sa mas episyenteng pagkatuto. Sa kabila ng modernisasyon, ang mga pamamaraang ito ay patuloy pa ring pinapahalagahan at pinaniniwalaang epektibo ng maraming bahagi sa larangan ng edukasyon.

Sa modernong panahon, ang kagamitang pampagtuturo ay napapanahon sa kasalukuyang edukasyon dahil sa mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at ang patuloy na pagbabago sa mga pamamaraan ng pagkatuto. Ito rin ay nagbibigay ng mas maraming oportunidad para sa mas malalim at makabuluhang pagkatuto, kaya't napakahalaga nito sa pagpapalawak ng komprehensyon at paghahanda ng mga mag-aaral para sa paglinang ng kanilang kakayahan.

Subalit, hindi maitatangi ang pagpapanatali sa tradisyunal na paraan. Marami pa ring mga mag-aaral at guro ang patuloy na tumatangkilik sa tradisyunal na paraan dahil ito'y nananatiling epektibo at makabuluhan. Nakasanayan na rin ng mga mag-aaral at guro ang paggamit sa pamamaraang ito dahil may paniniwalang mas epektibo ang teachercentered approach sa pagpapanatili ng kaayusan at disiplina. Sa bandang kabila, hindi lahat ng guro ay may sapat na oras upang maghanda ng interaktibo o makabagong leksyon.Bagama't may mga bagong estratehiya at teknolohiya sa edukasyon, nananatiling matibay ang pundasyon ng tradisyunal na pagtuturo dahil ito'y praktikal, pamilyar, at suportado ng kasalukuyang Sistema. Napapanahon ang pag-aaral na ito sapagkat kinakailangan na masukat kong talagang mayroong epekto ang paggamit ng mga e-kagamitang pampagtuturo sa makabagong paraan ng pagtuturo.

Ang Multimedia-Based Instruction ay isang paraan ng pagkatuto na kung saan pinagsasama ang mga biswal at pandinig na aspeto upang mapabilis, mapahusay, at higit na mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga karaniwang ginagamit sa paraang ito ang PowerPoint Presentations, animations, gamification o mga larong pangedukasyon, at iba pang makabagong kagamitang digital. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, nagiging mas epektibo at makabuluhan ang paggamit ng mga elektronikong kagamitang pampagtuturo dahil bukod sa pagtaas ng interes at partisipasyon ng mga mag-aaral, higit din nitong pinayayaman ang talakayan sa loob ng silid-aralan, na nagreresulta sa mas malalim na pagkatuto.

Mahalaga ang pag-aaral tungkol sa paggamit ng elektronikong kagamitang pangpagtuturo dahil ito ay nagbibigay ng mas interaktibo at nakaka-engganyong paraan ng pagkatuto kumpara sa tradisyunal na pamamaraan. Sa tulong ng teknolohiya, nagiging mas madali ang pag-access sa malawak na impormasyon na makatutulong sa mas malalim na pagunawa ng mga estudyante. Bukod dito, nakatutugon ito sa iba't ibang estilo ng pagkatuto, kaya mas epektibo ang pagtuturo. Mahalaga rin na sanayin ang mga mag-aaral na gumamit ng mga elektronikong kagamitan upang maging handa sila sa makabagong mundo at sa hinaharap na trabaho. Sa ganitong paraan, mas mabilis at mas organisado ang proseso ng pagtuturo, at nagiging posible ang pag-aaral kahit nasa malalayong lugar o sa bahay. Bagamat may halaga pa rin ang tradisyunal na pamamaraan, ang paggamit ng elektronikong kagamitan ay nagdudulot ng mas malawak at makabagong karanasan sa edukasyon na angkop sa pangangailangan ng panahon.

Ang tradisyunal na kagamitang pampagtuturo ay ang nakasanayang ginagamit ng mga guro sa nagdaang mga panahon. Samantalang, ang mga elektronikong kagamitang pampagtuturo ay isang makabagong kagamitang ginagamit ng mga guro sa proseso ng pagtuturo na kung saan ito'y nagsisilbing tulay upang mas maging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga kagamitang ito, nagkakaroon ng mas mataas na antas ng partisipasyon at pag-unawa sa loob ng silid-aralan. Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang tradisyunal o elektronikong kagamitang pampagtuturo ba ang nagbibigay ng mas positibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng klase at kung paano ito nakakatulong o nakakaambag sa kanilang pagkatuto sa bawat aralin.

## Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri kung alin sa tradisyunal o elektronikong kagamitang pampagtuturo ang higit na epektibo sa pagbibigay ng positibong pagkatuto sa kaalaman ng mga mag-aaral. Sa bahaging ito, nakapaloob ang mga pangunahing katanungan o suliraning nais mabigyang-linaw ng mga mananaliksik.

1. Ano ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa paggamit ng tradisyunal at elektronikong kagamitang pampagtuturo?
2. Ano ang marka na nakuha ng mga mag-aaral sa Likert Scale tungkol sa kanilang pananaw sa tradisyunal at elektronikong kagamitang pampagtuturo?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral at sa kanilang mga marka sa Likert Scale hinggil sa tradisyunal at elektronikong kagamitang pampagtuturo?
4. Batay sa mga natuklasan, ano ang mga rekomendasyong maaaring makatulong upang mapaunlad ang paggamit ng kagamitang pampagtuturo?

## METODOLOHIYA

Ang disenyo ng pananaliksik na gagamitin sa pag-aaral na ito ay ang Mixed Method. Ito ay isang pinaghalong paraan ng kwalitatibo (qualitative) at kwantitatibong (quantitative) pamamaraan. Ibig sabihin, gumagamit ito ng numerikal na datos (tulad ng mga resulta ng survey o pagsusulit) kasabay ng masusing paglalarawan o pananaw (mula sa panayam, obserbasyon, o bukas na tanong) upang makakuha ng mas malalim at mas komprehensibong pag-unawa sa paksa. Napili ito ng mga mananaliksik upang masukat kung alin sa dalawa ang mas epektibo sa ngayon, ang paggamit ng elektronikong kagamitang pampagtuturo o tradisyunal sa pagtuturo ng mga mag-aaral. Sa disenyo ng Mixed Method, ginagamitan ng random na pagpili sa mga respondente na binubuo ng tatlong grupo. Layunin nitong malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa tradisyunal at elektronikong kagamitang pampagtuturo na kinabibilangan ng tatlong grupo. Ang disenyo rin na ito ay akma sa layunin ng pananaliksik dahil nagbibigay ito ng malinaw na paghahambing sa dalawang magkaibang pamamaraan ng pagtuturo at kung paano ito nakaapekto sa kasanayan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paghahambing sa tradisyunal at elektronikong kagamitan, masusukat kung alin ang mas epektibo at kapaki-pakinabang sa edukasyon.

Ang disenyo ng pananaliksik na gagamitin sa pag-aaral na ito ay ang Mixed Method. Ito ay isang pinaghalong paraan ng kwalitatibo (qualitative) at kwantitatibong (quantitative) pamamaraan. Ibig sabihin, gumagamit ito ng numerikal na datos (tulad ng mga resulta ng survey o pagsusulit) kasabay ng masusing paglalarawan o pananaw (mula sa panayam, obserbasyon, o bukas na tanong) upang makakuha ng mas malalim at mas komprehensibong pag-unawa sa paksa. Napili ito ng mga mananaliksik upang masukat kung alin sa dalawa ang mas epektibo sa ngayon, ang paggamit ng elektronikong kagamitang pampagtuturo o tradisyunal sa pagtuturo ng mga mag-aaral. Sa disenyo ng Mixed Method, ginagamitan ng random na pagpili sa mga respondente na binubuo ng tatlong grupo. Layunin nitong malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa tradisyunal at elektronikong kagamitang pampagtuturo na kinabibilangan ng tatlong grupo. Ang disenyo rin na ito ay akma sa layunin ng pananaliksik dahil nagbibigay ito ng malinaw na paghahambing sa dalawang magkaibang pamamaraan ng pagtuturo at kung paano ito nakaapekto sa kasanayan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paghahambing sa tradisyunal at elektronikong kagamitan, masusukat kung alin ang mas epektibo at kapaki-pakinabang sa edukasyon.

Ang instrumentong gagamitin para sa pangangalap ng kakailaganing datos sa pag-aaral ay isang Likert Scale at ito ay isasagawa sa pamamagitan ng personal na pagkikita. Ang mga mananaliksik ay maghahanda ng checklist ukol sa paksa ng pag-aaral na ito. Sa pamamagitan nito, maaaring makalikom ng sapat na impormasyong gagamitin upang malaman kung ano ang mas lamang na kagamitang pampagututuro sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ginamit ang kaukulang istadistikal na pagsusuri upang matiyak ang kasagutan sa mga suliraning tinutukoy sa pag-aaral. Ginamit ang Independent Samples T-Test upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng tradisyunal o elektronikong kagamitang pampagtuturo sa pagkatuto ng mag-aaral. Ang Group Statistics ay ginamit bilang isang bahagi ng pagsusuri ng datos na karaniwang makikita sa mga resulta ng quantitative research, lalo na kapag gumagamit ng mga pagsusuring estadistikal gaya ng Independent Sample Group T-Test o iba pang comparative tests.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### Tradisyunal na kagamitang pampagtuturo

Batay sa datos ng grupong Tradisyunal na may 30 mag-aaral, ang kanilang mean score na 80.3667 ay nagpapakita ng pangkalahatang antas ng kanilang pagganap sa isinagawang pagsusuri. Ang standard deviation na 10.53887 ay nagpapahiwatig na may bahagyang pagkakaiba sa mga nakuha nilang marka, na nangangahulugang hindi pantay-pantay ang antas ng pag-unawa o kasanayan ng mga mag-aaral sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na epektibo ang tradisyunal na pamamaraan sa ilang aspeto, bagama't may pangangailangan pa rin ng higit na pagpapahusay upang mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinahayag sa pag-aaral nina Cielo et al. (2020) na may pamagat na "Effectiveness of Traditional Method of Teaching in Academic Performance of General Academic Strand Students at Bestlink College of the Philippines," isinaad na sa pamamagitan ng paggamit ng mga tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo, mas madali para sa mga mag-aaral na makipag-usap sa kanilang mga guro, na nagbibigay ng mga bagay na may kaugnayan sa pag-aaral at mga katanungan na madaling matugunan. Ibig sabihin, hindi pa rin nagpapahuli ang tradisyunal na kagamitang pampagtuturo upang maging isang intrumento sa pagtuturo sa mga asignaturang Filipino. Limitado na lamang ang paggamit ng mga tradisyunal na kagamitang pampagtuturong ginagamit sa kolehiyo na nangangahulugang mas nakatuon na ang pamantasan sa mga pagbabagong pangteknolohiya na kung saan napapabilis nito ang paghahatid ng kaalaman sa mga mag-aaral. Dagdag pa ni Kidlo (2023), na marami pa ring guro sa ating mga paaralan, pribado man o pampubliko, ang gumagamit ng tradisyunal na pamaraan ng pagtuturo na nahasa sa maraming dekada. Sa ganitong sitwasyon, hindi magkatugma ang kakayahan ng nagtuturo sa tinuturuan dahil mas maalam ang mga estudyante sa paggamit ng makabagong gadyet kaysa sa kanilang guro.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng datos na bagama't epektibo pa rin ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo, may mga limitasyon ito na maaaring nakaapekto sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral. Ang ganitong paraan ng pagtuturo ay karaniwang nakasentro sa guro, kung saan ang mga estudyante ay tumatanggap lamang ng impormasyon sa halip na aktibong makibahagi sa proseso ng pagkatuto. Dahil dito, maaaring bumaba ang antas ng motibasyon, interes, at partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase. Ang kakulangan ng interaktibong gawain, paggamit ng teknolohiya, at kolaboratibong pagkatuto ay nagiging hadlang upang mapalalim ang kanilang pang-unawa sa aralin. Samakatuwid, kahit na may naipapakitang epektibong resulta ang

tradisyunal na pamamaraan, hindi nito lubos na natutugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon na mas nakatuon sa aktibong pagkatuto at paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo.

Elektronikong kagamitang pampagtuturo

Batay sa resulta ng "Group Statistics," ipinapakita na ang grupong Teknolohiya ay may mean score na 87.2333 at standard deviation na 10.23747, na nagpapahiwatig na mataas ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa ganitong paraan ng pagtuturo. Ang paggamit ng teknolohiya sa proseso ng pagkatuto ay nagbibigay-daan sa mas interaktibo, makabago, at nakakaengganyong karanasan para sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga digital na kagamitan, presentasyon, at online learning platforms, nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan at mailapat ang mga konsepto sa aktwal na sitwasyon. Bukod dito, ito'y nagpapahiwatig na mas matatag ang kanilang mga marka at mas pantay ang antas ng pagkatuto. Sa kabuuan, ipinapahiwatig ng datos na lubos na epektibo ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo at ito'y may positibong impluwensya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ito rin ay nagsusulong ng aktibong partisipasyon, mas mataas na motibasyon, at mas malalim na pag-unawa sa mga aralin.

Ayon kay Kitane (2022), ang paggamit ng elektronikong interbensyon sa edukasyon ay nagdudulot ng positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang E-EPIK, isang uri ng elektronikong interbensyon, ay nagpakita ng mataas na pagtanggap mula sa mga mag-aaral. Ang pag-aaral ni Kitane ay nagpakita na ang mga elektronikong interbensyon ay maaaring makapagengganyo sa mga mag-aaral na makilahok nang mas aktibo sa kanilang pag-aaral. Bukod pa rito, maiaanalisa na sa pamamagitan ng mga elektronikong estratehiyang pangkagamitan, nagiging mas makabago at mas epektibo ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Maging sa pag-aaral ni Saavedra (2020), ang paggamit ng guro ng estratehiya sa tulong ng computer o anomang teknolohiya ay nakitang lubos na nakatutulong upang mapaunlad ang kanilang kasanayang pasalita at pasulat.

Sa kabuuan, ipinapahiwatig ng resulta ng pag-aaral na ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay may malaking ambag sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mataas na mean score ng grupong gumagamit ng teknolohiya ay nagpapakita na ang mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay mas epektibo sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapaaktibo ng partisipasyon ng mga estudyante. Ang integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon ay isang hakbang tungo sa mas makabago, episyente, at makabuluhang pagkatuto sa ika-21 siglo.

Pagkakaiba ng tradisyunal at elektronikong kagamitang pampagtuturo

Ginamit ang Independent Sample t-test upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng tradisyunal o elektronikong kagamitang pampagtuturo sa pagkatuto ng mag-aaral. Kaya, gagamitin natin ang unang row ang "Equal variances assumed" sa pag-interpret ng t-test results. Ang t-value ay -2.560, na may degrees of freedom (df) na 58. Ang significance value (0.013) ay mas mababa sa 0.05, na nagpapahiwatig na mayroong statistically significant na pagkakaiba sa means ng dalawang grupo. Ang mean difference ay 6.86667. Ang 95% confidence

interval ng pagkakaiba ay mula -12.23627 hanggang -1.49707, na hindi naglalaman ng zero, kaya't nakukumpirma ang significant na pagkakaiba.

Ipinapakita sa pag-aaral ni Cruz (2023) na ang paggamit ng multimedia resources ay may positibong epekto sa komprehensyon at retensyon ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang pagsasama ng mga biswal, tunog, at interaktibong elemento sa pagtuturo ay nagiging mas makatawag-pansin at nakapagpapadali ng pagkatuto. Sa pag-aaral na ito ni Cruz, pinatutunayan na mahalagang gamitin ng mga guro ang teknolohiya upang mapataas ang antas ng partisipasyon at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ayon din sa pag-aaral nina Kaarakainen at Saikkonen (2021), ang teknolohiyang digital sa edukasyon ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng proseso ng pagkatuto. Ipinapakita sa kanilang pag-aaral na ito ay naglalaman ng mga pamamaraan sa impormasyon, komunikasyon, at pangangasiwa na nagpapadali sa pagtuturo at pagkatuto sa makabagong panahon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay may malinaw na positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, ang integrasyon ng mga makabagong kagamitan at digital na estratehiya ay nakatutulong hindi lamang sa pagpapadali ng pagkatuto kundi pati na rin sa paglinang ng interes, motibasyon, at partisipasyon ng mga estudyante sa klase. Ang mga resulta ng pagsusuri ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng teknolohiya ay maaaring magbigay ng mas interaktibong karanasan sa pagkatuto, kung saan nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na antas ng pagganap. Gayunpaman, upang mapanatili at higit pang mapaunlad ang bisa ng teknolohiyang ito, mahalagang maglaan ng sapat na pagsasanay ang mga guro upang maging bihasa sila sa paggamit nito sa tamang konteksto. Samakatuwid, ang patuloy na pagpapalawak, pagpapaunlad, at masusing pag-aaral hinggil sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay mahalagang hakbang tungo sa makabago at epektibong sistema ng pagtuturo na tumutugon sa pangangailangan ng makabagong henerasyon ng mag-aaral.

Mga pananaw ng mga mag-aaral sa tradisyunal at elektronikong kagamitang pampagtuturo

Sa pag-unlad ng edukasyon sa makabagong panahon, patuloy na nagbabago ang mga pamamaraan at kagamitang ginagamit sa pagtuturo. Sa kabila ng pag-usbong ng teknolohiya, may mga guro at mag-aaral pa ring nagbibigay-halaga sa mga kagamitang ito dahil sa pagiging praktikal, abot-kaya, at madaling gamitin sa loob ng silid-aralan. Ang tema ng positibong pananaw sa tradisyunal na kagamitang pampagtuturo ay nahahati sa tatlo: bisa at kahalagahan, praktikalidad at hindi pag-asa sa teknolohiya, at pagpapalalim ng pag-unawa sa aralin. Ang bisa at kahalagahan ng tradisyunal na kagamitang pampagtuturo ay ang kadalasang mga kasagutan ng mga respondente. Mahalaga pa rin sa kasalukuyang panahon ang paggamit ng mga tradisyunal na kagamitan.

"Ako'y naniniwala na ang tradisyunal na kagamitan ay may malaking halaga sa aking pag-aaral." – Respondente 17. "Para sa akin, ang paggamit ng tradisyunal na kagamitan ay isang mabisang paraan pa rin sa pag-aaral." – Respondente 26. "Para sa akin, mahalaga pa rin ang paggamit ng tradisyunal na kagamitan, tulad ng chalkboard at papel dahil mas nauunawaan at naipapaliwanag nang mas malinaw at mabuti ang isang paksa. Halimbawa, mga math teacher, mapapansin natin na kung magtuturo sila ng mga paksa sa math o matematika ay palagi silang gumagamit ng chalkboard upang maipaliwanag kung paano ang tamang proseso ng pag-solve ng mga math problems. Kagaya ko, mas nauunawaan ko ang isang paksa kung ito ay aking naisusulat sa papel dahil sa pagsulat pa lang ay may natutunan na tayo. Isa rin sa rason kung bakit gusto ko ang paggamit ng tradisyunal na kagamitan tulad ng pagsusulat sa papel ay upang hindi ako madidistract sa paggamit ng mobile phones. Pero kadalasan talaga ay mobile phone talaga ang

gamit ko sa mga notes ko kaya nawawalan ako ng focus sa pag-aaral at dahil tamad din akong magsulat ng mga notes. Pero mas mahalaga pa rin na panatilihin ang paggamit ng tradisyunal na kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto." – Respondente 10. "Para sa akin, nakatutulong pa rin ang tradisyunal na kagamitan tulad ng chalkboard at papel dahil mas madali itong gamitin at hindi nangangailangan ng kuryente."

Ipinapakita ng pananaw na ito na pinahahalagahan pa rin ng tagapagsalita ang praktikalidad at pagiging maaasahan ng tradisyunal na kagamitan sa pagtuturo. Ipinahihiwatig din nito na may mga guro o mag-aaral na mas komportable pa rin sa mga simpleng paraan ng pagtuturo kahit na ginagamit na ang teknolohiya sa panahong ito. Mas epektibong natututo ang tagapagsalita sa aktibong pakikilahok gaya ng pagsusulat at pagguhit. Ipinahihiwatig din nito na ang tradisyunal na kagamitan ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa at konsentrasyon sa aralin. Mas epektibong natututo ang tagapagsalita kapag gumagamit ng tradisyunal na kagamitan dahil ito ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa at konsentrasyon sa aralin. Ipinahihiwatig din nito na bagaman kapaki-pakinabang ang teknolohiya, mas nakatutulong pa rin ang pagsusulat at aktibong pakikilahok upang maiwasan ang mga distraksyon at mapalalim ang pagkatuto.

Ayon kay Cielo A. et al. (2020), ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo ay isang lumang paraan ng pagtuturo na kung saan ang mga guro ang pangunahing manlalaro sa silid-aralan habang ang mga mag-aaral ay tagapakinig lamang. Ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo ay nakasentro sa guro bilang pangunahing tagapagturo at tagapagpaliwanag ng aralin. Sa ganitong pamamaraan, limitado ang pakikilahok ng mga mag-aaral dahil kadalasan ay nakikinig at sumusunod lamang sila sa guro. Dahil dito, nagiging mahina ang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, na maaaring magpabagal sa aktibong pagkatuto at paglinang ng kritikal na pag-iisip. Ayon naman sa ginawang instrumento ni Peralta P. M. (2021) na may titulong "Epekto ng Makabagong Kagamitang Panturo," ang pag-aaral tungkol sa kagamitang panturo na ginagamit sa pagkatuto sa mga asignaturang Filipino ay mas lalong mapapatibay sa pamamagitan ng pag-ugnay ng mga sagot ng mag-aaral sa salik o dahilan sa kanilang paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo. Ibig sabihin, ang paggamit ng kahit ano sa dalawang pampagtuturo ay parehong nakakatulong sa kahit anong aspeto ng mga gawain at napapatibay nito ang kakayahan ng isang indibidwal sa integrasyon ng dalawang pampagtuturo.

Sa kabuuan, ang paggamit ng tradisyunal na kagamitang panturo ay patuloy na may mahalagang papel sa proseso ng pagkatuto dahil nakatutulong ito sa mas malinaw na pag-unawa, konsentrasyon, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ipinakikita rin ng mga pag-aaral na ang pagsasama ng makabagong kagamitan ay nakapagpapalawak ng karanasan sa pagkatuto at nakatutugon sa pangangailangan ng makabagong edukasyon. Implikasyon nito na kailangang balansehin ng mga guro ang paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitan upang mapanatili ang bisa ng pagtuturo at mapalakas ang partisipasyon ng mga mag-aaral. Kaya naman, mainam na pagsamahin ang dalawang pamamaraan sa pagtuturo upang mapalawak ang kaalaman, kasanayan, at motibasyon ng mga mag-aaral tungo sa mas mataas na kalidad ng edukasyon.

